

NANGUNGUNANG MAGASING PANTAHANAN SA BANSA

IWAHWAH

Setyembre 16-30, 2019

TULA

**PASASALAMAT SA
LAHAT NG BAGAY**

Ni DENNIS ESPADA

**BAGONG
MANUNULAT
UKIYO-E**

Ni RYAN L. FAURA

BÁSA TAYO

**MGA BANAL
NA IMAHEN**

SA PHNOM PENH

Ni JOHN IREMIL TEODORO

**MAIKLING KUWENTO
SI DAISY AT SI
RAMIL**

Ni JD RONQUILLO

AIKO MELENDEZ

**MANILA
BULLETIN
PUBLISHING**



P40

MGA NILALAMAN



I-like kami sa aming facebook page: www.facebook.com/liwayway.magazine

NOBELA

- 6 **Kasaysayan Ng Kalibutan (6)**
Edgar Calabia Samar
- 8 **"Ikaw Na Muna, Mommy" (11)**
Efren Abueg
- 10 **Higit Na Matibay (34)**
Armando T. Javier
- 12 **Saka Na Lang Kita Mamahalin (19)**
Neri Jedeliz

MAIKLING KUWENTO

- 4 **Si Daisy At Si Ramil**
JD Ronquillo
- 14 **Gusto Lang Namin Umuwi**
George Deoso
- 16 **Ukiyo-e**
Ryan L. Faura

DAGLI

- 18 Elizabeth Joy Serrano-Quijano

LATHALAIN

- 26 **Silent Treatment: Makatuturan Ba?**
Chad Faller
- 28 **Ano Ang Mangyayari Kapag Nilabag Natin Ang...**
Lilia Borlongan-Alvarez
- 29 **Ilang Mga Sanhi Ng Pagkakaroon Ng Kanser**
Marilyn C. Arayata
- 30 **Paano Mo Ba Pinaninindigan Ang Iyong Mga Prinsipyo...**
Fernando B. Sanchez

KOMIKS

- 37 **Sa Mga Pangil Ni Gorgo (5)**
JD Ronquillo / Franklin Batolinao
- 40 **Ang Babaeng Pinangakuan (6)**
Alquin M. Pulido / Arnel R. Coronel
- 43 **Lover Boy (7)**
Elena M. Patron / Rico Rival
- 46 **Sa Mundong Iyon... (46)**
Perry C. Mangilaya / Donato Santos
- 49 **Ang Parusa**
Richellet Chan / Alfred C. Manuel
- 54 **Doro Dora**
William Contreras

TULA

56 Pasasalamat Sa Lahat Ng Bagay

Dennis Espada

KOLUM

- 20 **Basa Tayo**
John Iremil Teodoro
- 22 **Epektibong Pagtuturo**
Pat V. Villafuerte
- 24 **Buklat/Mulat**
Dr. Eugene Y. Evasco
- 33 **Tatak Pilipino**
Boy A. Silverio
- 52 **Pag-Usapan Natin!**
Kuya Sam
- 52 **Magluto Tayo**
Mareng Lena

SHOWBIZ

- 34 **Aiko Melendez, Pamilya At Showbiz...**
Nonie V. Nicasio
- 35 **Ahron Villena, Ikinumpara...**
Maricris V. Nicasio
- 35 **Showbiz Tribya**
Julio Silverio, Jr.

LIBANGAN

- 36 **Astrolohiya**
Madame Sharona
- 54 **Magtawanan Tayo!**
Anthony Locsin
- 54 **Math Puzzle**
Rosemarie Adaya
- 54 **Palaisipan**
Jose Marie Gallego



SI DAISY AT SI RAMIL

NI JD RONQUILLO

"BAKIT mo ako niyakag dito?" sabi ni Ramil kay Daisy.

Nakayuko at kinatatakutan niyang tumitig ito sa kaniya. Hindi niya alam ang bisa ng pananabik niya rito.

"Hindi ba gusto mo rin tayong magkita? Ilan na'ng *miscall* mo sa akin? Kaya gumawa ako ng paraan ... para magkita tayo!"

Bakit ganoon ang sagot ni Daisy? Hindi tugma sa iniisip niyang pag-aapura nito kangina.

Maliwanag pa nang iparada ni Ramil ang kaniyang kotse sa dulong iyon ng talampas. Ngunit napakabilis tumakbo ang oras. Parang dumilim agad ang araw pagsalampak pa lamang ng dalaga sa damuhang iyon.

"Gumawa ng paraan? Hindi na yata tayo nagkakaintindihan!"

Humilig si Daisy sa lupang anyong sandalan ng upuan na tinubuan ng makapal, nalambot na damong tulad sa kapadong buhok ng isang kabataan.

"Gabi na, Ramil...lumapit ka naman dito...!"

Hindi pa rin siya kumilos sa tabi ng nakaparada niyang kotse. Nag-iisip siya. Ilang linggo na silang hindi nagkikita ni Daisy.

Ipinagtataka niyang sa tuwing tatawagan niya ito, *ring tone* lamang ng *cellphone* nito ang sumasagot sa kaniya. Abala pa naman siya. Sinasamantala niya ang malaking *demand* ng mga produktong pagkain sa mga *mall* at *convenience store*, kaya may tendensiyang nakaligtan niya si Daisy.

"Kailangan nang magkita tayo..." May garalgal pa ang boses nito na parang may ibig agad sabihin sa kaniya.

Ipinagtaka niya ang

(Sundan sa pahina 18)



Ipinagtaka ni Ramil ang biglaang pagyayakag na iyon ni Daisy sa talampas na saksi ng maraming oras nilang pag-iisa...

"Siguro, kung beyond sa pagiging magkaibigan namin, Mommy mo na ang tanungin mo."



NI EFREN ABUEG

(IKA-11 NA LABAS)

NGUNIT bumawi agad si Tania. Hindi siya dapat maapektahan ng ganoong pag-uusisa ni Dr. Rayos. Kaano-ano ba niya ito para mag-usisa sa kaniya ng bagay na personal? Ano ang karapatan nitong gawin iyon?

"Doc, don't you think what you want to know is something between me and my mother?"

Waring hindi na ngayon komportable si Dr. Rayos sa pagkakaupo sa silyang ipinuwesto nito sa harapan niya. Pinilit ang pagngiti nito sa kaniya na waring ikinukubli sa kalooban ang talim ng kaniyang sinabi.

"Friend ko ang mother mo, Ms. Tania. Concern lang ako sa inyong mag-ina..."

Sinamantala ni Tania ang halata niyang pagtatangka nitong payapain ang kalooban niya.

"Umuwi naman ako at kumuha ng damit bago nagpunta kina Ms. Rea. Tumawag din sa akin si Mommy, pero hindi nga lang kami nagkausap nang matagal. Anyway, alam naman niyang safe ako sa bahay ng isang kaibigan na kilala naman niya."

Hindi naman ganap na totoo ang kaniyang paliwanag. Hindi pa nagkikita at minsan o makalawa lamang na nagkausap sa cellphone ang Mommy Pinky niya at si Rea.

Bahagyang ikiniling ni Dr. Rayos ang ulo nito, paiwas ang

tingin sa kaniya. Inakala ni Tania na matatapos na ang kanilang usapan; nasagot na naman niya ito nang maayos. Ngunit may idinugtong pa ito.

"May itinanong ka sa akin sa beach noon bago tayo hinampag ng mga alon..."

Balik-alaala si Tania sa dalampasigan ng Pauway. Humugis sa guniguni niya ang toldang itinayo ni Dr. Rayos para sa mga gustong tumigil sa beach nang makaiwas sa sunburn.

Ngayon, siya naman ang parang inaapuyan sa upuan. Iniwas niya ang tingin kay Dr. Rayos.

"Bakit di mo uli itanong iyon sa akin?"

Bakit pa? sigaw ng isip niya. Parang masungit na kamag-anak na kinonpronta siya nito.

"Obvious na obvious naman na intimate sila!" Siya na ang naghugsa para wala na siyang dapat pang isipin.

Ngunit nagpatuloy si Dr. Rayos.

"May dalawang kapatid ako na pareho matanda sa akin. Malaki'ng pamilya nila at lumalapit sa akin ang mga pamangkin ko kung nagkakaproblema sila. Naniniwala siguro sila na competent ako na mag-advise sa kanila dahil kasama sa course ko ang psychology. Kahit single ako, nabibigyan naman ko sila ng ilang tips sa pagresolba sa mga di nila pagkakaintindihan bilang magpipinsan o ng kani-kanilang mga magulang."

Nakikinig ba siya sa parang nagmamalaking paliwanag ng doktor na ito? Ano ba ang pakialam niya sa paglapit dito ng

MGA BANAL NA IMAHEN SA PHNOM PENH



KAPAG nagbibiyahe ako sa labas ng bansa naglalaan talaga ako ng perang pambili ng mga libro. Lalo na ang mga librong magagamit kong sanggunian sa mga susulatin ko sa hinaharap o di kayâ sa aking pagtuturo. Ang paglalakbay kasi ay di lamang pagrarampa o paglalamyerda, pakakakaton din itong matutuhan ang ibang kultura.

Ganito ang ginawa ko pagdating ko noong Linggo, Setyembre 1, dito sa Phnom Penh, ang kapital ng bansang Cambodia. Ang unang binisita ko ay ang National Museum Phnom Penh na mga labinlimang minutong lakad ang layo mula sa hotel kong tinitirhan.

Isang gusali lamang ang museo at katamtaman lamang ang laki nito. Hindi hamak na mas malaki ang National Museum natin sa Maynila na may tatlong magkahiwalay na malalaking gusali pa talaga. Ngunit ang kapansin-pansin sa museo rito sa Phnom Penh, ang mga bubong nitong tisa na parang mga bubong ng mga bahay na kawayan sa amin sa Antique noon—yari sa nipa at hugis tatsulok—at may tila sumasayaw na mga sungay bilang panolong. Kulay pulang putik ang buong gusali—mula sahig, hagdan, poste, dingding, at bubong. Mabugnaw ang dating sa paningin. *Facade* pa lang busog na ang aking mga mata!

Sampung US dollars ang bayad sa pagpasok sa museo. Dito sa Cambodia mas pinapagamit sa mga turista ang dolyar kaysa pera nilang riel. May kamahalan ang *entrance fee* na ito ngunit parang sulit naman dahil punong-puno ang museo ng mga antigong imaheng tanso at bato mula sa sinaunang Kaharian ng Cambodia.

Sa lobby ng museo ay may *souvenir* at *book shop*. Napansin ko agad ang librong *The New Guide to the National Museum Phnom Penh* na ang bagong edisyon ay inilathala noong 2018. Ang nakalagay na presyo ay US\$15. Mabilis akong nagkompiyut sa

utak ko. Mga 750 pesos. Keri! sabi ko sa aking sarili. Bumili ako nito.

Habang tinitingnan isa-isa ang mga likhang-sining, malaking tulong ang librong ito. Kahit na kung minsan hindi tugma ang mga numero na naka-assign sa mga imahen sa mga numerong nakalagay sa mga larawan ng imahen sa libro. Kadalasan magkatabi lang naman ang mga imahen o di kayâ ay nasa isang estante lamang.

Halos magkapareho ang dagway ng mga imahen doon sa museo ng Phnom Penh sa mga imaheng nakita ko sa mga museo sa Jakarta at Bali, Indonesia. Mukhang iisa lamang ang pinanggalingan. Tama ang aking hinala dahil ang sining Khmer, ang tawag sa mga Cambodian, ay may impluwensiya ng dalawang relihiyon ng India, ang Hinduismo at Buddhismo.



Si Ganesa, ang diyos na magtatanggal ng mga balakid sa Hinduismo. Maaari siyang maging diyos ng nga manunulat na di matapos-tapos ang sinusulat.



Ang Patakarang Edukasyong Bilingguwal

SA aspektong pang-akademiko, pangkabuhayan, pangkomersiyo at iba pa ay katangi-tangi ang pagkakaisa at pagkakabuklod-buklod ng mga Pilipino sa pamamagitan ng paggamit ng wika. Tunay na mahalaga ang wika sa lipunan dahil itinuturing ang tao bilang rasyonal na nilalang na pinakalooban ng kakayahang gamitin ang wika nang may katalinuhan. Sa lipunang kinabibilangan ng tao ay may kahalagahang taglay ang wika. Nagagamit ito upang ipabatid ang kaalaman, saloobin at pangarap ng tao. Dahil dito, ang pagsasama ng Filipino sa kurikulum sa lahat ng antas ng pagkatuto ay maituturing na isang positibong direksiyon tungo sa mas mabuting pagtuturo at pagkatuto. Ito'y maituturing na isang makabuluhang hakbang bilang panimulang prosesong kritikal sa paglinang ng pambansang wika sa tulong ng mabisa at maayos na desiminasyon sa mga paaralan.

Sa pagtalakay sa paglinang ng pambansang wika ay hindi maaaring makaligtaang mapag-usapan ang patakaran sa paggamit ng wika. Sa resulta ng maraming naisagawang pananaliksik, naging batayan ang isang napapanahong patakarang pangwika. Ito ang ang patakarang edukasyong bilingguwal na inimplementa simula noong 1974 matapos mapagtibay ang Konstitusyon ng Pilipinas noong 1973. Ito'y nasasalig sa Kautusang Pangkagawaran ng Kagawaran ng Edukasyon, Kultura at Isports Blg. 25. Serye 1974.

Ang edukasyong bilingguwal ay tumutukoy sa makahiwalay na gamit ng dalawang wika, ang Filipino at Ingles bilang midya ng pagtuturo sa mga tiyak at natatanging asignatura o sabdyek sa lahat ng mga paaralan simula sa Unang Baitang. Pilipino ang gamit sa pagtuturo ng Filipino, Aralin/ Agham Panlipunan, Work Education, Character Education, Music, Health, at Physical Education. Ingles naman ang gamit sa English, Science at Mathematics. Tulad ng nakasaad sa alituntunin, ituturo ang Pilipino

at Ingles bilang asignatura o sabdyek sa mga paaralang elementarya at sekondarya. Ang taong 1974 hanggang 1978 ay tinawag na mga taon ng transisyon. Nagdaos ng maraming seminar at palihan para sa mga guro, naghanda ng mga kagamitang panturo at maraming mga pagsasanay at pakitang-turo ang naganap sa lahat ng dibisyon sa bawat rehiyon.

Noong 1987 ay nirebisa ang patakarang edukasyong bilingguwal sa bisa ng Kautusang Pangkagawaran Blg. 52, serye 1987, na ang Filipino at Ingles ay gagamiting wikang panturo sa lahat na ng antas ng pagkatuto upang malinang at matamo ang kakayahang bilingguwal.

Ang mga tunguhin ng Patakarang Edukasyong Bilingguwal ay ang mga sumusunod:

1. Pagpapahusay ng pagkatuto sa pamamagitan ng dalawang wika upang matamo ang mas mataas na edukasyon gaya ng itinakda ng Konstitusyon ng 1987;
2. Pagpapalaganap ng Filipino bilang wika ng literasi;
3. Paglinang ng Filipino bilang lingguwistikong sagisag ng pambansang pagkakaisa at pagkakakilanlan;
4. Paglilalang at pagpapayabong ng Filipino bilang wika ng pangkarunungan pagpapahayag na nangangahulugan ng patuloy na intelektuwalisasyon nito.

Ngunit napatunayan sa isinagawang mga pag-aaral na hindi lahat ng mga pribadong paaralan ay nag-iimplementa sa patakarang ito. Dahil sa hindi hinigpitan ang pagpapairal ng patakaran, maraming pribadong paaralan ang hindi naging seryoso sa

pagpapatupad ng patakaran. Maraming pribadong institusyon ang nagbigay ng higit na pagpapahalaga sa paggamit

ng Ingles kaysa sa Filipino bilang midyum ng pagtuturo.

Kapansin-pansin ang napakabagal na pagsulong ng mga gawaing may kaugnayan sa pagpapairal ng patakarang edukasyong bilingguwal. Kaya't noon din ay ipinag-utos ng DECS na pangunahan ito ng mga nasa antas tersyarya na susuportahan naman ng mga nasa antas elementarya at sekondarya. Ganito ang


Larawang mula sa Google

isinasaad sa Kautusang Pangkagawaran Blg 52, serye 1987:

Ang mga institusyong nasa antas tersyarya ay mangunguna sa patuluyang intelektuwalisasyon ng Filipino. Gayunpaman, ang programa ng intelektuwalisasyon ay itataguyod din sa elementarya at sekondarya.

Hindi rin naging prayoridad ang patakarang edukasyong bilingguwal sa antas tersyarya. Dahil dito, lumabas sa resulta ng maraming pag-aaral ang napakababang antas ng kahusayan ng mga guro at mag-aaral sa paggamit ng dalawang wika.

Sa susunod na isyu, ang Multilingguwalismo.





Pagbabanyuhay ng Kuliglig

KADALASANG ipinapalagay na ang mga *picture book* ay sadyang nilikha para sa mga batang mambabasa dahil sa pagtataglay nito ng mga larawan at simpleng mga pangungusap. Hindi laging ganito ang kaso; bagama't naituturo na sa maraming mambabasa at manunulat na ang anyong aklat na may mga larawan ay para sa mga bata.

Ang tuon ng pagsusuring ito ay ang pinakabagong aklat ni Shaun Tan na *Cicada* (Scholastic, 2019) sa ilalim ng Arthur A. Levine Books. Si Levine ay higit na kilala bilang editor na nagdala ng mga aklat na *Harry Potter* sa US. Si Shaun Tan naman ang manunulat at ilustrador sa aklat na ito. Nagmula siya sa Australia at nagwagi ng Premyo Astrid Lindgren noong 2011, ang itinuturing na Nobel Prize para sa panitikang pambata.

Dahil sa pagkakagamit ng isang tauhang kuliglig, aakalaing pambatang *picture book* ang teksto. Walang pangalan ang tauhan kundi *Cicada* lamang. Sinadyang hindi na siya pinagkaabalang pangalanan. Nasa tono naman ng kuwento na ang kuliglig ay isang marhinalisado o naisantabing tauhan sa daigdig ng mga propesyonal na tao.

Labimpitong taong nanungkulan bilang *clerk* ang kuliglig. Wala siyang kaibigan sa opisina. Hindi man lang nabigyan ng umento sa sahod. Hindi tumaas ang kaniyang posisyon (bilang *data encoder*) sa taon ng kaniyang serbisyo. Hindi siya kailanman nagkamali sa tungkulin. Hindi nagbakasyon, walang *sick leave*. At lagi pang nahuhuling umuwi dahil sa dami ng tatapusin.

Napadpad ang tauhang kuliglig sa isang napaka-competitive na daigdig—isang korporasyon sa

maunlad na bansa. Kailangan ng mataas na edukasyon upang makamit din ng hinahangad na posisyon. Maaaring may mataas na edukasyon ang kuliglig ngunit siya'y isang banyaga. Naligaw siya ng mundo kaya ipinaparamdam sa kaniya ng mga tao na hindi siya kabilang—hindi niya abot ang *switch* ng ilaw, hindi siya pinahahalagahan bilang *resource* ng kompanya, at hindi siya maaaring magbanyo sa opisina. Kailangan pa niyang magtungo sa malayo (9 blocks) upang makaihi o makadumi.

Malungkot na buhay ng isang modelong kawani ang tinatalakay sa aklat. Malayong-malayo ang paksang ito sa



Mga larawang mula sa Google

karaniwang kuwentong pambata. Halimbawa, kapag kuliglig ang tauhan, baka umiinog ito sa paksa ng pag-awit ng kuliglig o kaya nama'y pangangalaga ng kalikasan. Naibalitang lumiliit na ang bilang ng mga insekto dahil sa pagkakasira ng kapaligiran. Hindi rin nilikha ang *Cicada* para sa kabataan o *young adult*. Akmang sabihing aklat pambata ito para sa matatanda. Gumagamit ito ng anyo, wika, at tauhan na ipinapalagay na para sa bata ngunit may mabigat na mensahe para sa matatanda.


Paanong magiging dahop sa buhay ang isang masipag na kawani? Malinaw na pinapaksa nito ang diskriminasyon sa isang lahi (gamit ang *species* bilang metapora ng lahi). Ang gamit ang abuhing kulay sa kalakhan ng aklat ay nagpapahiwatig ng alienasyon sa trabaho. Walang kabuhay-buhay ang kulay. Kalmado ngunit napakaginaw.

Ipinakita na kakaiba ang kuliglig sa mundong iyon. Sa abuhing daigdig ng lungsod, litaw ang kuliglig dahil sa luntiang kulay ng kaniyang balat o *exoskeleton*. Ang kaniyang pagiging iba ay umaakit ng pananakit at pananamantala.

Ramdam ng mga mambabasa ang sakit na nararamdaman ng tauhan dulot ng matinding pagod, *bullying*, kawalang-pagpapahalaga (nagretiro siyang wala man lang pagdiriwang), at kahirapan. Tiniis ito ng kuliglig hanggang sa araw ng kaniyang paglaya—ang pagreretiro.

Maiuugnay ang kalagayan ng kawaning kuliglig sa naipamalas na *segregation* sa mga empleyadong Afro-American sa *Hidden Figures*. Kailangan pang pumunta sa malayong banyo ang mga kawaning Itim dahil ipinagbabawal silang gumamit ng *restroom* na laan sa mga Caucasian. Hiwalay ang mga Puti sa mga "colored". Gayundin, maiuugnay ang kalunos-lunos na kondisyon ng kuliglig sa buhay ng mga karaniwang empleyado sa Hong Kong, isang siyudad na napakataas ng bayad sa renta. Dahil dito, napipilitang tumira ang mga manggagawa at kawani sa mga "coffin cubicles" o "coffin homes." Ang kuliglig naman ay nakatira sa isang makipot na sulok sa dingding ng kanilang opisina. Hindi na siya pinagkaabala pang ireklamo dahil hindi naman talaga siya nakikita o napapansin.

Gumamit si Tan ng napakapayak na wika upang maipakita kung paano magsalita ang kuliglig gamit ang wika ng mga tao. Hindi ibig sabihing bobo ang tauhan dahil sa kaniyang pagkakamali sa gramatika. Hindi niya inang wika ang wika ng mga tao. At kahit pa 17 taon siyang nanatili sa mundong iyon,



Silent Treatment: Makatuturan ba?

NI CHAD FALLER



TATALAKAN ka ng partner mo. Susumbatan ka ng kung ano-ano kahit wala namang basehan. Oo, noon, tinatapatan mo ng dada ang mga pagbubunganga niya. Pero aaminin mo, nagsawa ka na rin sa kadadakdak. Kaya ngayon, tumatahimik ka na lang, hindi mo na siya pinapansin at tuluyang binabalewala na siya.

Nanggagalaiti ka at nagngingitngit ngunit pakiramdam mo ay tinakasan ka na ng lakas, kaya ginagawa mo na lang ang pakiramdam mo ay natural gawin: ang ipukol na lang sa kanya ang *silent treatment*. Makatwiran ba ito?

Ang *silent treatment* ay ang pagtanggap makipag-usap sa isang taong naghahangad ng komunikasyon. Nangyayari ito kapag sinasagad ang isang tao ng mga kahilingan, pagpuna o reklamo ng sinuman, kaya tumutugon siya ng pananahimik at pag-agwat ng damdamin. Maaaring ikaw mismo ang gumagawa nito o ikaw ang nakatatanggap. Hindi lamang ito umiiral sa magdyowa kundi maging sa magkamag-anak, magkaibigan, magkaklase, magkatrabaho o kahit kanino pa.

Sa sikolohiya, ang *silent treatment* ay isang reaksiyong *passive-aggressive* kung saan may *bad feels* ang isang indibidwal ngunit hindi niya magawang ipahayag ang sarili. Kaya ipinaparating niya ang kanyang mensahe sa pananahimik: ang pagkuha ng atensiyon, ang kaalaman na nasaktan siya, ang kanyang galit, pagkadismaya, kabiguan, at ang paninikil nang kawalang kasiguraduhan kung gaano tatagal ang kanyang ginagawang hindi pagkibo. Ang taong nakatatanggap naman ng *silent treatment* ay nakararamdam ng *incompetence* at kawalang-silbi.

Sa isang banda, may mga kabutihan din namang idinudulot ang *silent treatment*. Maituturing itong isang kombinyenteng paraan upang maiwasan ang isang pag-uusap na lumiligalig sa iyo. Nakapagpepreserba rin ito ng dignidad. Isang paraan din ito ng pagpapaubaya. Nagsisilbi rin itong paraan upang mabigyan ang isa ng *space* upang makapag-isip-isip. Dahil sa pananahimik ng isa, naiiwasan ang pagsasagutan na maaaring humantong sa pag-aaway, pisikal na pananakit o paghihiwalay.

Sa kabilang banda, may mga disbentahe rin ang pag-uukol ng *silent treatment*. Hindi ito isang epektibo at makatuturang paraan upang lutasin ang hindi pagkakaunawaan dahil wala ngang komunikasyon at mahirap basahin ang isip ng isang tao. Nababawasan ang kasiyahan at pagiging malapit ng kalooban ng magkapatner. Sakit ng kalooban ang idinudulot nito sa magkabilang panig. Sa kalaunan, nagiging isang paraan ito ng emosyonal na pang-aabuso na nagagamit sa pagmamaniplula. Nakapagdudulot ito ng *anxiety* at *aggression*. Sa kabuuan, nakasisira ito ng isang relasyon. Sa halip na malutas ang

problema, lalo lamang itong lumalala, hanggang hindi na magkaroon ng daan upang lutasin ang problema.

Kung gayon, ano ba ang dapat gawin kung pinag-uukulan ka ng *silent treatment* ng iyong karelasyon o kaya ay ikaw mismo ang gumagawa nito?

Una, kilalanin ang *silent treatment*. Kung ginagawa ito sa iyo ng sinuman, tukuyin ito. Puwede mong buksan ang usapan sa "Napapansin kong napapadalas ang hindi mo pagkibo sa akin..." Kung ikaw

naman ang gumagawa nito, maaari mong sabihing, "Alam kong hindi kita kinikibo nitong mga huling araw..." Iwasan ang mga posibleng pagmulan upang pag-ukulan ka ng *silent treatment*: pagbibintang, paninigaw, pagsasabi ng masasamang salita o pang-aaway. Huwag palakihin ang anumang isyu, lalo na ang maliliit na bagay.

Irespeto at pahalagahan ang damdamin ng ibang tao. Iwasan ang mang-deadma o manikil ng ibang damdamin. Ilagay ang sarili sa kanilang posisyon. Karapatan ninuman ang mapakinggan. Nagbibigay rin ito ng mas malaking pagkakataon para makapag-usap. Ang pakikipag-usap ay nagpapahiwatig na nirerespeto mo ang pananaw ng ibang tao. Sa pamamagitan nito ay nabubuo ang tiwala sa isa't isa.


Ibahagi ang sariling damdamin. Huwag maging masyadong makasarili o malihim. Mas mainam na maging *open* ka upang

magkalinawan kayo ng mga nilolob. Maging tapat sa kung ano ang talagang nararamdaman mo.

Maging positibo. Isipin na mareresolba ang anumang problema sa inyong relasyon. Mangako at tuparin ito. Ipangako na gagawin ang lahat para sa isang maayos na relasyon at isasalba ito mula sa pagiging 'on the rocks.' Iwasan ang pagsusumbatan o pag-uungkat sa nakaraan. Magkaroon ng kasunduan.

Laging isipin na may tamang pagkakataon. Kung hindi pa handang pag-usapan ang di pagkakasunduan, pag-usapan ito pamayamaya. Gayundin kung ayaw mong salubungin ang galit ng iyong kapareha. Basta huwag palilipasin ang gabi nang hindi nareresolba ang inyong problema.

Ang pananahimik ay simbolo ng karuwagan. Ngunit ang pagharap sa suliranin ay katapangan. Hindi malulutas ang di pagkakaunawaan ng pagtitikisan. Hindi madaling pangibabawan ang *silent treatment* ngunit makatuturang gawin ito. Hindi lang huhubugin nito ang kakayahan sa pakikipag-ugnayan, bubuuin din nito ang isang malusog at matibay na relasyong hinulma sa pagtitiwala at pagmamahal. **L**



Mga larawang mula sa Google

Aiko Melendez, pamilya at showbiz career ang priority sa buhay

NI NONIE V. NICASIO

SI Aiko Melendez ay isa sa premyadong aktres ng bansa. Anim na taon siya nang unang lumabas sa seryeng *Anna Liza* na pinagbidahan ng *child star* na si Julie Vega. Sa pelikula naman, kabilang sa unang napanood si Aiko sa *Santa Claus is Coming to Town* ng Regal Films. Ito'y tinampukan nina Snooky Serna, Maricel Soriano, Gabby Concepcion, William Martinez, Albert Martinez, at iba pa.

Humigit-kumulang 60 movies na ang nagawa ni Aiko at ilan sa di malilimutan dito ang *Underage Too* (1991), *May Minamahal* (1993) katambal si Aga Muhlach, *Maalaala Mo Kaya: The Movie* (1994), *Sa 'Yo Lamang* (1995) ni

Direk Maryo J. delos Reyes, *Asintado* (2014) ni Direk Louie Ignacio, *Iadya Mo Kami* (2016) ni Direk Mel Chionglo, at ang obra ni Direk Joel Lamangan na *Rainbow's Sunset* (2018) kasama sina Eddie Garcia, Gloria Romero, Tirso Cruz III, Sunshine Dizon, at Tony Mabesa.

Isa sa markadong pagganap naman ni Aiko sa telebisyon ay sa *Wildflower* ng ABS CBN. Ngayon ay napapanood siya sa *Prima Donnas* na tinatampukan din nina Wendell Ramos, Katrina Halili, Chanda Romero, Benjie Paras, Sofia Pablo, Jillian Ward, Althea Ablan, at iba pa. Mula sa pamamahala ni Direk Gina Alajar, napapanood ito Monday-Friday, 3:25 pm sa GMA-7.

May special guest role rin si Ms. Aiko sa pelikulang *Damaso* ni Direk Joven Tan. Tinatampukan ito nina Christopher de Leon, EJ Falcon, Marlo Mortel, Nyoy Volante, Ketchub Eusebio, at iba pa.

Kabilang naman sa highlight ng career ni Aiko ang napanalulang acting awards na dalawa rito'y sa International filmfest. Una ay bilang Best Lead Actress in a Foreign Language Film sa 7th International Filmmaker Festival of World Cinema sa London at isa pang Best Actress award sa International Film Festival Manhattan 2015. Ang mga naturang karangalan ay parehong para sa pelikulang *Asintado*.

Ang ilan pa sa acting awards ni Aiko ay sa FAP Awards bilang Best Actress para sa *Maalaala Mo Kaya: The Movie*, Best Supporting Actress para sa *Iadya Mo Kami* sa 15th Gawad Tanglaw Awards 2017, Pinakapasadong Katuwang na Aktres para sa *Iadya Mo Kami* sa 19th Gawad PASADO Awards, Best Supporting Actress para sa *Wildflower* sa 31st PMPC Star Awards for Television, Best Supporting Actress sa Metro Manila Film Festival 2018 para sa *Rainbow's Sunset*, at Best Actress katabla si Ms. Sylvia Sanchez sa



2nd Subic Bay International Film Festival (SBIFF) para sa pelikulang *Tell Me Your Dreams* ni Direk Anthony Hernandez.

Noong 2001, pumalaot si Ms. Aiko sa larangan ng public service at nanalong Councillor sa 2nd District ng Quezon City ng tatlong sunod na term hanggang 2010. Sa hinaharap ay hindi niya isinasara ang pinto sa muling pagsabak sa politika.

Ngayon ay nasa pangangalaga na siya ng ALV Talent Management ni Arnold L. Vegafria, matapos mamalagi sa Backroom Inc. ni Boy Abunda for 18 years. Nilinaw ni Aiko na naging maayos ang paghihiwalay nila ng landas ni Boy.

"Please do not get me wrong, wala kaming bad blood ni Tito Boy, we parted

ways nang maayos. Siguro lang I just needed to reinvent myself and be in another environment. Siyempre kapag gusto mo ng change, you can't be staying in one management, 'di ba? You have to try out new things and that's basically the reason," esplikang ang aktres.

Sa bagong management contract ni Aiko ay pumirma siya ng tatlong taon. Nasabi ng aktres ang plano sa kanya ni Arnold. "He was telling me na he's closing an endorsement for me, so I'm gonna pray for that. I did an indie two days after talking to him which is entitled *Padre Damaso*, it's an all-star cast, so I'm blessed. Actually ang daming magaganda na hindi ko pa puwedeng i-reveal, kaya I feel so blessed to be in a new family that I'm so much welcome."

Tungkol naman sa *Prima Donnas*, happy si Aiko sa magandang pagtanggap sa kanila ng televiewers. "Happy and grateful with *Prima Donnas* because I can say di kami nalalampaso naman sa ratings and maraming salamat sa mga commercials namin, kasi puno po kami lagi. Thank You, Lord!"

Pagdating naman sa kanyang priority sa buhay, talagang ang mga anak na sina Andre at Marthena ang nangunguna rito. Kahit busy sa work ay naglalaan siya ng oras sa mga anak, kaya every Sunday ay family day kay Ms. Aiko at hindi siya tumatanggap ng work sa araw na ito. "Family comes first, then work, then lovelife po. But above all, its God who is the center of all, ayaw ko na mag-move nang walang basbas ni Lord.

"Sobrang mahalaga ang aking mga anak sa akin, sila ang buhay ko at nagpapaikot ng mundo ko. Sila ang inspiration ko to become better each day, I mean, 'di po ako perfect but I see to it I meet all my obligations sa kanila. My lovelife is my inspiration and 'yan ang katuwang ko para sa mga anak ko lalo na po 'di naman na kami bumabata ni Vice Gov. Jay (Khonghun). So, we are partnering sa pagpapalaki sa mga bata," wika pa ng award-winning actress. 

PASASALAMAT SA LAHAT NG BAGAY

Salamat sa mahalaga,
pinatag nito
ang burol ng kasawian.

Salamat sa kasawian,
winasak nito
ang dam ng luha.

Salamat sa luha,
diniligan nito
ang disyerto ng pag-iisa.

Salamat sa pag-iisa,
ang dalamhati'y
nasa isip lang pala.

Salamat sa isip,
natutuhan kong
tanggapin ang nawala.

Salamat sa nawala,
namulat ako
sa tunay na mahalaga.

- DENNIS ESPADA

